ARALIN 7

# Pabayaang tumulong ang Espiritu Santo kapag ikaw ay mananalangin

- Makinig sa Tinig ng Espiritu
- Damahin Kung Ano ang Nararamdaman ng Espiritu
- Pabayaang Manalangin ang Espiritu sa Pamamagitan Mo
- Gumawa sa Kapangyarihan ng Espiritu

**Ang araling ito ay makatutulong sa iyo . . . .**

- Pabayaang ipakita sa iyo ng Espiritu Santo kung ano ang ipananalangin at kung paano mananalangin.
- Umabot sa isang malalim na patag sa pagsamba at higit na mga dakilang tagumpay sa pananalangin habang pinababayaan mo ang Espiritu Santo na manalangin sa pamamagitan mo.

## MAKINIG SA TINIG NG ESPIRITU SANTO

"O, ang kanyang kaawa-awang mga paa, Panginoon, ang kanyang mga kaawa-awang mga paa." Nabigla si Mrs. Dean sa kanyang sariling pananalangin. Kababasa pa lamang niya sa isang sulat na si Victor Plymire ay

namatay samantalang nagdadala ng evangelio sa loob ng Tibet. Nguni't ng siya ay lumuhod upang manalangin, siya ay napaiyak na lamang at nanalangin para sa mga paa ni Victor Plymire. Naramdaman niyang isang kahangalan na ipanalangin ang paa ng isang patay na! Nguni't si Victor Plymire ay hindi patay. Siya ay nasa isang dako na ang daan ay natatabunan ng yelo sa itaas ng bundok ng Himalaya na ang mga paa ay tumitigas sa matinding lamig. Maliban sa isang mahimalang pagpapagaling, siya ay mamatay dahil sa gangrena bago makarating sa kabihasnan. At ang himala ay dumating bilang tugon sa panalanging may patnubay ng Espiritu!

Pasalamatan ang Dios na ang Espiritu Santo ay tumutulong sa atin na manalangin! Siya'y dumating upang manirahan sa atin, magbigay ng bagong kalikasan, pumapatnubay sa atin, at tumulong sa atin na sumamba at maglingkod sa Dios. Sa araling ito ay ating pagbabalik-aralan ang ating mga napag-aralan upang higit nating maalaman kung paano pababayaang tumulong sa atin ang Espiritu Santo na manalangin.

**Ang Espiritu Santo ay Makatutulong sa Atin sa Pananalangin**
Roma 8:26-27

| Ating Suliranin | Ang Kanyang Tulong |
|---|---|
| Kulang sa Panalangin | Pinalalakas ang Loob Natin na Mananalangin |
| Maliit na Pananampalataya | Binibigyan Tayo ng Pananampalataya |
| Kamangmangan sa Pangangailangan | Sinasabi sa Atin Kung Ano ang Ipananalangin |
| Kamangmangan sa Kalooban ng Dios | Dumadalangin para sa Atin sa Kalooban ng Dios. |

| | |
|---|---|
| Paglaban ni Satanas | Binibigyan Tayo ng Tagumpay |
| Hangganan na Ating Pagsasalita | Nanalangin sa Pamamagitan Natin |

**Juan 4:24.** "Ang Dios ay Espiritu at kailangang sambahin Siya sa Espiritu at katotohanan."

Napag-uusapan na natin ang tungkol sa pakikinig sa Dios kapag tayo ay nananalangin. Ang Espiritu Santo ang nagsasalita sa atin sa dalawang paraan ng pag-uusap sa ating pananalangin at pagbasa ng Biblia. Kung minsan ipinakikita Niya sa atin ang mga bagay sa ating mga buhay na hindi nakapag-bibigay ng kasiyahan sa Dios. Tinutulungan Niya tayong ipagtapat sa Dios at humingi ng kapatawaran sa Kanya. At pagkatapos ay binibigyan Niya tayo ng kapayapaan at katiyakan na tayo ay pinatawad ng Dios. Ang ating mga buhay ay binago samantalang nakikinig tayo sa Espiritu Santo at pabayaan Siyang tulungan tayo sa bawa't araw.

**Taga Roma 8:14-17.** Ang mga pinapatnubayan ng Dios ang siyang mga anak ng Dios. Hindi espiritung nang-aalipin at may dalang takot ang inyong tinanggap, kundi ang Espiritu Santong umampon sa inyo bilang mga anak ng Dios, kung kaya't nakatatawag kayo sa kanya ng "Ama, aking Ama!" Ang Espiritu Santo ang nagsasabi sa ating espiritu na tayo'y mga anak ng Dios. At bilang mga anak, tayo'y mga tagapagmana ng mga kayamanan ng Dios. Kasama tayo ni Cristong magmamana ng mga kayamanan ng Dios.

Tinutulungan tayo ng Espiritu Santo na maunawaan ang Salita ng Dios at dinadala sa ating isipan ang mga katotohanan kailangan natin.

**Juan 14:26.** "Nguni't ang Tagaagapay—Espiritu Santo—na isusugo ng Ama sa Aking pangalan, ang magtuturo sa inyo ng lahat ng bagay. At ipaalaala Niya sa inyo ang lahat ng sinabi Ko sa inyo."

**Isaias 11:2.** Ang Espiritu ng Panginoon ay sasa Kanya, ang diwa ng kaalaman at ng takot sa Panginoon.

Ang pagtuturo at patnubay ng Espiritu ay dumarating kadalasan sa pamamagitan ng Biblia. Kaya magbulay-bulay sa Salita ng Dios sa inyong pagbabasa. Ulitin ang mga talata. Isaulo at ulit-ulitin,sila sa buong maghapon. Kumuha ng pangako sa umaga at panatilihin sa inyong isipan sa maghapon. Pabayaan ang Salita ay maging bahagi mo. Ang Espiritu ang makapagdadala ng tamang mga salita sa iyong alaala at magagamit sila sa mga pangyayari kung nais Niyang patnubayan kayo o bigyan ng lakas ng loob. Gagamitin rin Niya ang Salita upang lumago ang iyong pananampalataya at makikita mo ang mga dakilang katugunan sa pananalangin.

**Gawin Mo Ito**

**1** Mapapansin mo na ating pinagbabalikan sa ating huling aralin ng kurso ang ilan sa mga katotohanan na ating napag-aralan. Ito ay isang mahalagang bahagi ng puspusang pag-aaral. Iminumungkahi ko na ikaw ay magbalik sa aralin 3 at basahin muli. Basahin ang isinulat mo sa kuwaderno para sa araling yaon.

**2** Isulat ng maikli sa iyong kuwaderno ang ilang mga bagay na sinabi sa iyo ng Espiritu na ipanalangin o gawin mula ng pag-aralan ang kursong ito. Ano ang mga kinalabasan?

**3** Pagbalik-aralan ang aralin 4. Ginagamit mo ba ang Salita tulad ng iminungkahi? Paano ito makatutulong sa iyo?

## DAMAHIN KUNG ANO ANG NARARAMDAMAN NG ESPIRITU

Napag-usapan natin ang tungkol sa pagmamalasakit para doon sa mga nawawala at tungkol sa damdamin ng ibang mga taong nangangailangan na parang sila ay ating sarili. Ito ay dumarating mula sa pagibig ng Dios para sa kanila. Ang Kanyang Espiritu sa atin ay umiibig sa mga tao at nagiging dahilan upang ibigin din natin sila. Sa pagpapabaya natin na ang Kanyang paraan ang mangyari sa ating mga buhay, lalong higit tayong pupunuin ng Kanyang pagibig.

> **Taga Roma 5:5.** At hindi tayo nabibigo sa ating pag-asa sapagka't inilagay na sa ating puso ang pagibig ng Dios,sa pamamagitan ng Espiritu Santong ibinigay Niya sa atin.

Ang malaking kahabagan ng Espiritu ay gumagawang mapaluha tayo samantalang nananalangin para sa mga tao, datapuwa't kung minsan ang kagalakan ng Espiritu ang nagiging dahilan upang tayo ay magalak at magpuri sa Dios.

**1 Tesalonica 5:16-17.** Lagi kayong manalangin.

**2 Tesalonica 1:3.** Mga kapatid, tungkulin naming ipagpasalamat kayong lagi sa Dios. Nararapat iyon dahil malaki ang pag-unlad ninyo sa pananampala-taya, at dahil lumalago ang inyong pagmamahal sa isa't isa.

**Taga Filipos 1:3-4.** Nagpapasalamat ako sa Dios sa tuwing naaalaala ko kayo. At masaya ang puso ko kung kayo'y aking idinadalangin.

**Taga Roma 12:15.** Makigalak kayo sa mga nagagalak, at makiramay kayo sa mga tumatangis.

Tayo ay nag-usap tungkol sa katayuan at damdamin sa pananalangin. Pumasok nawa sa bawa't bahagi natin ang Espiritu Santo upang madama natin ang Kanyang nararamdaman: isang malalim na pagkapoot sa kasalanan, ang pananabik na mabigyan ang kasiyahan ang Dios sa lahat nating ginagawa, isang mahigpit na pagnanais na matulungang makalaya ang iba mula sa kasalanan at ang mga bunga nito, ang pagnanais na bumalik na muli si Jesus sa lupa at itatag ang Kanyang kaharian, pagibig para sa Dios at para sa bayan, malalim na katapatan at kasigasigan sa ating mga pananalangin, kagalakan sa pa-kik,pag-ugnay sa Ama, Katiyakan na Siya ay tutugon, nakahandang gawin ang ano mang sinasabi Niyang gawin natin.

**Gawin Mo Ito**

**4** Pagbalik-aralan ang aralin I hinihingi sa Espiritu Santo na dalhin ka sa malalim na kapatagan

**5** ng pagsamba sa iyong panahon ng pag-iisip tungkol sa Dios.

**6** Pagbalik-aralan ang aralin 2 nananalangin para palakasin ng Espiritu ang tamang damdaming nasa iyo.

Pabayaang tulungan ka ng Espiritu na manalangin ng panalangin ng Panginoon. Bigyan ng panahong madama ang bawa't bahagi nito.

## PABAYAANG MANALANGIN ANG ESPIRITU SA PAMAMAGITAN MO

Maraming beses na hindi natin alam kung paano mananalangin. Hindi natin maunawaan kung ano ang mga pangangailangan ng isang tao o paano ang paglutas dito. Hindi natin tiyak kung ano ang kalooban ng Dios. O marahil wala lamang tayong magamit na mga pananalita upang mabigkas ang pagibig para sa Dios na bumubulong sa atin–o ang paghihirap na tila tayo ay winasak, ang mga panloob na paglalaban-laban, ang mga pagkatakot, ang kawalan ng pag-asa. Ang Espiritu Santo ay naghahandog na kunin ang lahat ng mga pananabik at pangangailangan ng kaluluwa at makipag-usap sa Ama tungkol sa kanila. Kung minsan ay ginagawa Niya ito sa pamamagitan ng pagbubuhos sa iyong mga labi sa iyong pangungusap na nagmumula sa Kanya at hindi mula sa iyong sariling isipan. Sa ilalim ng Kanyang inspirasyon ibinubuhos mo ang malalim na pananabik ng iyong kaluluwa o pagsamba sa Dios. Sa ibang panahon, higit na nais Niya na gawin ito sa sarili Niyang pangungusap–isang tanging panalanging ayon sa kanyang Salita.

**Taga Roma 8:26-27.** Tinutulungan din tayo ng Espiritu Santo sa ating mga kahinaan. Hindi tayo marunong manalangin na gaya ng nararapat, nguni't ang Espiritu na rin ang namamagitan sa atin, sa mga hibik na hindi maisasaysay sa pananalita. At ang nakasisiyasat ng mga puso'y nakakaalam kung ano ang kaisipan ng Espiritu, sapagka't siya ang namamagitan dahil sa mga banal alinsunod sa kalooban ng Dios.

**1 Corinto 14:2.** Sapagka't ang nagsasalita ng wika ay hindi sa mga tao nagsasalita, kundi sa Dios; sapagka't walang nakauunawa sa kanya; kundi sa espiritu ay nagsasalita ng mga hiwaga.

Anong kahanga-hangang kalayaan ang dumarating sa ating sariling espiritu sa pamamagitan ng gayong panalangin! Hindi natin kailangang maunawaan ang lahat tungkol sa suliranin at kalutasan -- ang Espiritu ang maglalahad sa Kanyang sariling mga salita at humingi para sa pinakamabuti. Siya ay nanalangin ayon sa kalooban ng Dios; ito ang nagbibigay sa atin ng katiyakan na ang panalangin ay tutugunin.

Ang ganitong uri ng panalangin ay tinatawag na "panalangin sa Espiritu" o "pagsasalita ng wika". Kung minsan ay tinutukoy ito na "glossalia" mula sa salitang Griego para sa "wika". Milyon-milyong mga Cristiano sa sanglibutan ngayon na pinababayaan ang Espiritu Santo ang manalangin sa pamamagitan nila sa anomang wika na napipili Niya.

Ito ay unang nangyari sa 120 na alagad ni Jesus ng araw ng Pentecostes. Sila ay napuspos ng Espiritu

at nagpasimulang magpuri sa Dios sa mga wika na hindi nila nalalaman. Sa pulutong na nagkakatipon, ang mga tao mula sa maraming bansa ay naunawaan kung ano ang sinasabi ng mga Cristiano sa iba't-ibang wika. Sila ay nagsasabi tungkol sa kahanga-hangang mga bagay na ginawa ng Dios!

> **Mga Gawa 2:4.** Napuspos sila ng Espiritu Santo at nagsalita sa ibang mga wika ayon sa kapangyarihang ibinigay sa kanila ng Espiritu.

Si Apostol Pablo ay maliwanag na pinabayaan ang Espiritu na manalangin sa pamamagitan niya sa mga wika sa kanyang pamamagitan para sa mga bagong Cristiano, mga manggagawang Cristiano, at ang iglesia na kanyang itinatag. (Binanggit niya ito na manalangin sa Kanyang Espiritu). Nguni't ito ay hindi nagpatigil sa kanya sa masigasig na pananalangin sa kanyang sariling salita. Tinutulungan tayo ng Espiritu na manalangin sa gayon ding paraan.

> **1 Corinto 14:14-15.** Sapagka't kung nananalangin ako sa ibang wika, nananalangin ang aking diwa, subali't walang natutulungan ang aking isip. Ano ang dapat, kung gayon? Mananalangin ako sa aking diwa, at aawit din ako sa aking isip.

**Gawin Mo Ito**

**7** Isulat ang alin mang kapakinabangang makikita sa pagpapabayang manalangin ang Espiritu Santo sa pamamagitan mo.

**8** Kung nararamdaman mo ang pangangailangan para sa malalim na kapatagan ng pananalangin, makipag-usap ka sa Espiritu tungkol dito.

**9** Ngayon ay pagbalik-aralan ang aralin 5. Hingin mo sa Espiritu na tulungan kang maramdaman kung ano ang Kanyang nararamdaman tungkol sa iyong mga kailangan na itinala mo. Pabayaang ang Espiritu angmag-akay sa iyo at manalangin sa pamamagitan mo para sa bawa't isa. Salitain mo ang mga salita na ibinibigay Niya sa iyo; mananalangin Siya para sa kanila ayon sa kalooban ng Dios.

## GUMAWA SA KAPANGYARIHAN NG ESPIRITU

Sa buong kursong ito napag-usapan natin ang tungkol sa pagpapabaya na gamitin tayo ng Dios upang makatulong sa pagtugon sa ating mga panalangin. Tayo'y nakikinig para ibigay sa atin ng Espiritu Santo ang Kaniyang mga pagtuturo, nguni't paano natin magagawa kung ano ang Kanyang sinasabing gawin natin? Sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan!

> **Filipos 2:13**. Sapagka't ang Dios ang gumawa sa inyo; Siya ang nagbigay sa inyo ng pagnanais at kakayahang makasunod sa Kanya.

Pagkaraang makapanalangin tayo sa Espiritu at hingin ang Kanyang tulong upang gawin ang nais Niyang

gawin natin, tayo ay makakalabas at gawin itong nagtitiwala sa Kanya upang gumawa sa pamamagitan natin. Hinihingi natin sa Kanya na iligtas ang mga kaibigan; sinabi Niya sa atin na sabihin sa kanila ang tungkol kay Jesus. Hiningi natin sa Kanya na tulungan tayong gawin ito at ginawa Niya. Tayo ay makapagsasalita at kumilos na may pagtitiwala, nalalaman na ang Dios ay tumutugon sa ating mga panalangin.

**1 Juan 5:14-15.** At natitiyak natin sa Kanya na pinakikinggan Niya ang ating mga dalangin kung humihingi tayo nang ayon sa Kanyang kalooban. At kung alam nating pinakikinggan Niya ang lahat ng ating dalangin, alam nating tinatanggap natin ang lahat ng ating hinihingi sa Kanya.

Ang kapangyariahng ito ng Espiritu ay hindi lamang sa pagsasalita bilang mga saksi ni Jesus, kundi rin naman sa pamumuhay para sa Kanya, gaya ng nararapat ayon sa nais Niya para sa atin. Ang ating mga buhay ay nangungusap nang higit na malakas kaysa ating mga salita tungkol sa pagibig at kapangyarihan ng Dios.

**Mga Gawa 1:8.** Nguni't pagadating sa inyo ng Espiritu Santo, tatanggap kayo ng kapangyarihan, at sasaksi kayo tungkol sa Akin.

**2 Timoteo 1:7.** Sapagka't hindi diwang matatakutin ang ibinigay sa atin ng Dios, kundi ang Espiritu ng kapangyarihan, pagibig at katinuan ng isip.

**Galacia 5:16.** Ito ang masasabi ko: Mamuhay kayo sa patnubay ng Espiritu Santo at hindi ninyo susundin ang ibig ng laman.

Ngayon sa iyong pagtatapos ng mga araling ito, ang pinakamahalagang pagsusulit ay ilagay sa pagsasanay ang iyong natutuhan. Si Satanas - ang isang masama, ay sisikapin kang hadlangan. Nilalabanan niya ang gawain ng Dios at hindi niya nais manalangin ka. Nguni't ang Santo Espiritu ang tutulong sa iyo! Ibibigay Niya sa iyo ang tagumpay laban kay Satanas at ang kapangyarihang gawin ang kalooban ng Dios. Pagpalain ka nawa Niya at gamitin ka na makamit ang mga dakilang espiritual na pagtatagumpay para sa iyong sarili at para sa iba kapag ikaw ay mananalangin!

**Efeso 6:17-18.** Kailangan din ninyo ang helmet ng kaligtasan at ang espada ng Espiritu Santo, na siyang Salita ng Dios. Lagi kayong manalangin sa patnubay ng Espiritu Santo. Idalangin ninyo ang lahat ng Cristiano.

**2 Corinto 10:4-5.** Sapagka't ang mga sandata namin ay hindi mula sa tao kundi mula sa Dios at ito'y makapangyarihang gumiba ng mga kuta ng kaaway. Winawasak namin ang mga pangangatwiran at lahat ng inihaharang ng kaaway laban sa pagkilala sa Dios. Binibihag namin ang lahat ng salungat na kaisipan at pinasusunod kay Cristo ang mga iyon.

**Judas 20.** Subali't kayo, mga minamahal magpakatatag kayo sa inyong napakabanal na pananampalataya. Manalangin kayo sa patnubay ng Espiritu Santo

### Gawin Mo Ito

**10** Pagbalik-aralan mo ang aralin 6, hingin sa Panginoon na tulungan kang gumawa sa Kanyang kapangyarihan sa iyong panalanging kasama ang iba at gawin kung ano ang magagawa mo upang mapasigla ang iba sa pananalangin.

**11** Iminumungkahi ko na itala mo sa iyong kuwaderno ang anomang suliranin sa iyong buhay kung saan kailangan mo ang kapangyarihan ng Espiritu Santo. Makipag-usap ka sa Kanya tungkol sa kanila at pagkatapos ay lumabas upang sakupin sila sa Kanyang kapangyarihan.

**12** Kung ikaw ay interesadong higit na mapag-aralan ang tungkol sa Espiritu Santo at Kanyang gawa, hilingin mo sa ICI ang aralin "Ang Iyong Matulunging Kaibigan."

**Binabati kita** sa pagtatapos sa kursong ito!

- Tingnan kung tama o mali ang iyong mga sagot. Sulatan ang iyong talaan ng mag-aaral para sa aralin 7 at ipadala sa tanggapan ng ICI sa inyong pook.

## Tingnan Kung Tama O Mali Ang Iyong Mga Sagot

Karamihan sa iyong sagot para sa araling ito ay pangkaraniwan sa pagitan mo at sa Dios. Inaasahan ko na ang pagbabalik-aral ay naging tulong. Nagulat ka kung gaanong higit na makahulugan sa iyong pagbabalik na pag-aralan at bigyang diin ang tungkol sa Espiritu Santo? Ngayon tingnan mo ang mga pagsasanay at iyong mga sagot para sa araling ito at magpasalamat sa Dios sa lahat ng iyong pag-unlad.

# Gusto mo bang malaman...

- ano ang nagagawa ng pananalangin sa iyong buhay?
- paano makikipag-usap sa Dios?
- paano mananalangin sa iba't ibang pangangailangan?
- paano mo matatanggap ang tugon sa iyong pananalangin?
- paano magkakaroon ng pananalangin pangpamilya?
- paano mangunguna sa isang pangkat ng pananalangin?

Kung gayon, ang *Kapag Ikaw ay Mananalangin* ay sadyang isinulat para sa iyo. Ang mga mungkahing praktikal na ibinigay dito ay mag-aakay sa iyo sa isang malapit na kaugnayan sa Dios at sa mga magagandang karanasan sa pananalangin.

Ang aklat na ito ay gumagamit ng paraang pagtuturo sa sarili na ginagawang madali ang pag-aaral. Sundan mo lamang ang mga tagubilin at sanayin ang iyong sarili habang ikaw ay nagpapatuloy.

---

I
4

Ang simbolong ito ay isang patnubay para sa sunud-sunod na pag-aaral. Ang Seryeng Christian Life ay hinati sa tatlong yunit ng tig-aanim na kurso ang bawa't isa. Ang *Kapag Ikaw ay Mananalangin* ay pang-apat (4) na Kurso sa Yunit 1.

Maaari mong gamitin ang aklat na ito bilang isang kurso sa pansariling pag-aaral, o basahin ito bilang isang aklat sa pansariling kapakinabangan.

2/1M/9.86

L1210TA90